

Send the Message that Showing Up Matters!



Anu-ano ang mga Pangunahing Mensahe sa 2021?

Ngayong taon ng pasukan, ang bilang ng mga estudyanteng hindi pumapasok at higit na nakakaligtaan ang pag-aaral ay nagbibigay ng pangamba at wala pang katulad. Kapag laging hindi pumapasok sa klase ang mga estudyante, simula sa preschool at kindergarten, nanganganib silang hindi matutong makapagbasa ng mabuti bago umabot sa pangatlong baitang, magkaroon ng kahinaan sa pagtamasa sa middle school at tumigil sa pag-aaral sa high school.

Higit kailanman, ang laging hindi pagpasok sa klase ay mahalagang panukat na magpapaalam sa amin ng tungkol sa mga estudyante at pamilyang maaaring nahaharap sa mga hadlang sa pag-access ng mga oportunidad sa pag-aaral, lalo na kung sila ay naghihirap, nakakaranas ng diskriminasyon sa lahi, mayroong mga kapansanan, at nasa foster care o walang tirahan o matatag na paninirahan. Ang pagsubaybay sa laging hindi pagpasok sa klase, (hindi pagpasok ng 10% o higit pa ng taon ng pasukan), ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon upang gabayan ang pagpapalano para sa pag-invest sa mga pondo para sa pagbangon sa panahon ng Covid-19. Upang sumalamin sa pangunahing papel na ginagampanan ng pagpasok sa klase sa panahon ng pagbangon, ang tema ng 2021 Attendance Awareness Campaign (Kampanya sa Pagpasok sa Klase sa 2021) ay ang Bumangon sa Pamamagitan ng Pagpasok sa Klase!

Ang laging hindi pagpasok sa klase ay isang panawagan para umaksyon na matutugunan at dapat nating tugunan kung ninana is nating ganap na makinabang ang lahat ng bata at kabataan sa edukasyong naghahanda sa kanila para sa tagumpay sa paaralan, trabaho at pamumuhay. Maaaring mapansin ng bawat isa ang mga hindi pagpasok sa klase na nagsisimulang dumami at patiyak na ginagawa ang mga hakbang upang matugunan ang mga hadlang sa pagpasok sa klase.

Nasa ibaba ang mga pangunahing mensahe na ang bawat isa – mga distrito, paaralan, tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, pampublikong ahensya at tagapagtaguyod, programa pagkatapos ng klase, organisasyong pangkomunidad at nagbibigay ng serbisyo, negosyo, pamilya—ay maaaring gamitin ang taong ito upang suportahan ang kanilang mga komunidad ng paaralan sa pakikibahagi at pagsuporta sa mga estudyante at pamilya upang mapabuti ang pagpasok sa klase at pagtamasa.

1. Ang laging hindi pagpasok sa klase ay sumasalamin at nauwi sa kawalan ng pagkakapantay-pantay sa edukasyon.
2. Ang pagbuo ng mga matatag, nagtitiwalang ugnayan na nagtataguyod sa pakiramdam na pagiging kabahagi ay mahalaga sa pagpapabuti ng pagpasok sa klase at pakikibahagi ng estudyante.
3. Ang mga estudyante ay mas malamang na pumasok sa klase kung pakiramdam nila ay sila ay ligtas, konektado at sinusupportahan.
4. Ang isang pamamaraang positibo, lumulutang ng problema ay hatid ng datos ay magpapabuti sa pagpasok sa klase.
5. Ang pagpapanatiling malusog ang pangangatawan at emosyon ng mga estudyante, pamilya at tauhan ng paaralan ay sumusuporta sa pagpasok sa klase.
6. Kapag ang buong komunidad ay nakikipagtulungan sa mga pamilya at paaralan, malalampasan natin ang mga hadlang sa pagpasok sa klase at pakikibahagi.

